Pagpapatuloy ng Takdang-aralin

Gaano katagal inaabot ang paggawa ng takdang-aralin sa bahay?

Kung ang ESL na mag-aaral sa mataas na paaralan ay binibigyan ng ½ oras na takdang-aralin, maaaring abutin siya ng 1 hanggang 2 oras para tapusin ang mga ito.

Sino ang dapat gumawa ng Takdang-aralin?

Ang **mag-aaral** ang dapat gumawa ng takdang-aralin.

Inaakala ng ilang mga magulang na ang tulong mula sa isang nakatatandang kapatid ay mauuwi sa mas mahusay na marka. Ang tulong na dapat ibigay ay gawing mas madaling maunawaan ang mga dapat gawin.

Ang mga guro ay nagbibigay ng mga gawain sa loob ng klase mismo at takdang-aralin para sa bahay. Pareho silang minamarkahan. Kung hindi sapat ang pagsasanay ng mga mag-aaral sa paggawa ng takdang-aralin na mag-isa, maaaring mahihirapan sila sa pangkalahatang gawain.

Ang mga tutor na mas mahusay sa Ingles ay maaaring makatulong sa mga mag-aaral para madagdagan ang kanilang kaalaman.



Ang Paggamit ng mga Computer

Maraming mga mag-aaral sa mataas na paaralan ang hinihikayat na gumamit ng computer para sa gawaing pang-eskwela. Kung wala kayong computer sa bahay, maaring gamitin ng inyong mga anak ang mga computer sa pang-publikong library o ang library ng paaralan.

“Homework in BC Secondary Schools”

[Filipino]

This brochure is one in a series sponsored by the VSB SWIS program and produced collectively by a group of ESL teachers and the VSB MCLW team.

BRITISH COLUMBIA The Best Place on Earth | WelcomeBC

Canada

VSB

Funded by the Ministry of Advanced Education and Labour Market Development, and Citizenship and Immigration Canada.

Unawain ang Takdang-aralin sa Mataas na Paaralan sa BC

Grade 8 hanggang 12



Ano ang mga patakaran ng BC Ministry of Education pagdating sa takdang-aralin?

Ang Ministry of Education ang nagtatakdâ ng mga patakaran para sa dami ng takdang-aralin na maaring ibigay sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan sa B.C.

Ang mga patakaran na ito ay :

Gr. 8 hanggang 12
► 1 hanggang
2 oras bawa't gabi

Mas matagal na oras ang kailangan ng mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles.

Mas maraming takdang-aralin ang ibinibigay sa mga mag-aaral na nasa grade 6 hanggang 12 kaysa sa mga nakababatang mag-aaral.

Mga Halimbawa ng Takdang-aralin

- Tapusin ang gawaing ibinigay sa klase.
- Magbasa ng libro sa Ingles o sa sariling wika para sa isang takdang oras.
- Manood ng isang ispesipikong programa sa TV sa Ingles.
- Kumuha ng impormasyon mula sa iba't-ibang pinagkukuhanan.
- Makipagtulungan sa mga kaklase o grupo sa pag-gawa sa isang proyekto.
- Magsulat ng isang journal entry.
- Magbasa o basahin muli ang mga kabanata sa isang teksto o nobela.
- Mag-isip o mag-munimuni tungkol sa ibinigay na paksâ at magsulat tungkol dito.
- Isulat ang mga sunud-sunod na pangyayari sa kwento.
- Makinig sa musika.

Sa BC, mas malaki ang halaga na ibinibigay ng mga guro sa <u>kalidad</u> ng gawain kaysa sa <u>dami</u>.

Mga Layunin ng Takdang-aralin

Maraming mga dahilan sa pagbibigay ng takdang-aralin. Nais ng mga guro na matuto ang mga mag-aaral na:

- maghanda para sa iba't-iba/bagong gawain sa susunod na araw.
- maging mas mahusay sa pagbabasa.
- madagdagan ang bokabularyo.
- Magsanay sa kakayahang pang-wika
- Pabutihin ang pagsusulat
- matuto o magsanay ng kakayahan
- mapalawak ang kaalaman tungkol sa isang paksâ o bahagi ng paksa..
- pahusayin ang kakayahang sundin ang debelopment ng isang kwento (istorya mismo, mga tauhan, dahilan at epekto ng mga pangyayari, at mahulaan kung ano ang susunod na pangyayari).
- matuto at magpraktis na gumawa na dalawahan o may kasamang grupo.